

PAHAYAG SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

Bakuna sa MMR (Measles (Tigdas), Mumps (Beke), at Rubella): *Ano ang kailangan mong malaman*

Marami sa pahayag sa impormasyon tungkol sa bakuna ay available sa Spanish at sa iba pang wika. Bumisita sa www.immunize.org/vis

Hojas de información sobre vacunas están disponibles en español y en muchos otros idiomas. Visite www.immunize.org/vis

1. Bakit dapat magpabakuna?

Pwedeng mapigilan ng bakuna sa MMR ang tigdas, beke, at rebella.

- Nagdudulot ang **TIGDAS (M o MEASLES)** ng lagnat, ubo, matinding sipon, at pamumula at nagluluhang mga mata, na karaniwang sinusundan ng pamamantal ng buong katawan. Pwede itong mauwi sa kombulsyon (madalas na nauugnay sa lagnat), impeksyon sa tainga, pagtatae, at pneumonia. Bagaman madalang, pwedeng magdulot ang tigdas ng pinsala sa utak o pagkamatay.
- Nagdudulot ang **BEKE (M o Mumps)** ng lagnat, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkahapo, pagkawala ng gana sa pagkain, at pamamaga at malambot na salivary gland sa ilalim ng mga tainga. Pwede itong humantong sa pagkabingi, pamamaga ng utak at/o spinal cord covering, pananakit at pamamaga ng bayag o obaryo, at nang napakabihira, ng pagkamatay.
- Nagdudulot ang **RUBELLA (R)** ng lagnat, pananakit ng lalamunan, pamamantal, pananakit ng ulo, at iritasyon sa mata. Pwede itong maging sanhi ng arthritis hanggang sa kalahati ng kababaihang tin-edyer at adulto. Kung magkaroon ng rubella ang isang tao habang buntis, pwede siyang makuna o pwedeng maipanganak ang sanggol na may malubhang depekto sa pagsilang.

Karamihan ng mga nabakunahan ng MMR ay mapoprotektahan sa buong buhay nila. Ang mga bakuna at matataas na rate ng pagbabakuna ay nagpangyari kung kaya bihira na ang mga sakit na ito sa United States.

2. Bakuna sa MMR

Kailangan ng 2 dosis ng bakuna sa MMR ng mga **bata**, kadalasan:

- Unang dosis sa edad na 12 hanggang 15 buwan
- Pangalawang dosis sa edad na 4 hanggang 6 na taon

Ang mga sanggol na bibiyahe sa labas ng United States kapag sila ay nasa 6 hanggang 11 buwan ang edad ay dapat makatanggap ng dosis ng bakuna sa MMR bago bumiyaha. Ang mga batang ito ay dapat makatanggap pa rin ng 2 karagdagang dosis sa inirerekomendang edad para sa pangmatagalang proteksyon.

Ang malalaki nang bata, nasa kasibulan, at mga adulto ay kailangan din ng 1 o 2 dosis ng bakuna sa MMR kung hindi pa sila immune sa tigdas, beke, at rubella. Matutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na tiyakin kung ilang dosis ang kailangan mo.

Maaaring irekomenda ang ikatlong dosis ng MMR para sa ilang partikular na tao sa panahong laganap ang beke.

Maaaring ibigay ang bakuna sa MMR kasabay ng iba pang bakuna. Maaaring tumanggap ng bakuna sa MMR ang mga batang 12 buwan hanggang 12 taong gulang kasama ng bakuna sa varicella na ibibigay sa isang turok lang, na kilala bilang MMRV. Mabibigyan ka ng higit pang impormasyon ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong provider ng bakuna kung ang taong tatanggap ng bakuna ay:

- Nagkaroon ng **allergic reaction pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakuna sa MMR o MMRV**, o may anumang **malala at posibleng ikamatay na mga allergy**
- **Buntis** o naghihinalang posibleng buntis siya—hindi dapat bakunahan ng MMR ang mga buntis
- May **mahinang immune system**, o may **magulang o kapatid na may record ng mga namamana o mula sa pagsilang na problema sa immune system**
- Nagkaroon ng **kondisyon na nagpapangyari sa kanya na madaling magkapasa o magdugo**
- Kamakailan lang ay **nasalinan ng dugo o nakatanggap ng iba pang produkto ng dugo**
- May **tuberkulosis**
- **Nakatanggap ng iba pang bakuna sa nakalipas na 4 na linggo**

Sa ilang kaso, maaaring ipasya ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

pagbabakuna sa MMR hanggang sa susunod na pagbisita sa hinaharap.

Maaaring bakunahan ang mga taong may hindi malubhang karamdaman na gaya ng sipon. Kadalasan kailangang maghintay munang gumaling ang mga taong may mahina o malalang karamdaman bago tumanggap ng bakuna sa MMR.

Mabibigyan ka ng higit pang impormasyon ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

4. Mga panganib ng reaksiyon sa bakuna

- Maaaring mangyari ang pagsakit ng braso o pamumula sa pinagturukan, lagnat, at kaunting pamamantal pagkatapos ng pagbabakuna sa MMR.
- Kung minsan nangyayari ang pamamaga ng glandula sa pisngi at leeg o pansamantalang pananakit at paninigas ng kasu-kasuan (karamihan sa tin-edyer o adultong kababaihan) pagkatapos ng pagbabakuna sa MMR.
- Bihirang mangyayari ang mas malalang reaksiyon. Kasama sa mga ito ang kombulsyon (madalas na nauugnay sa lagnat) o pansamantalang pagbaba ng platelet count na maaaring maging sanhi ng hindi pangkaraniwang pagdurugo o pagpasa.
- Sa mga may malulubhang problema sa immune system, ang bakunang ito ay maaaring maging sanhi ng impeksyong maaaring ikamatay. Ang mga may malulubhang problema sa immune system ay hindi dapat magpabakuna sa MMR.

Kung minsan, nawawalan ng malay ang mga tao pagkatapos ng medical procedure, kabilang na ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong provider kung makaramdam ka ng pagkahilo o pagbabago sa paningin o pag-ugong ng mga tainga.

Gaya ng kahit anong gamot, may napakaliit na posibilidad na ang bakuna ay magdulot ng malalang allergic reaction, iba pang malubhang pinsala, o pagkamatay.

5. Paano kung magkaroon ng malubhang problema?

Maaaring mangyari ang allergic reaction pagkaalis sa klinika ng taong nabakunahan. Kung may makita kang mga sinyales ng malalang allergic reaction (pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, at mabilis na pagtibok ng puso. pagkahilo, o panghihina),

tumawag sa 9-1-1 at dalhin kaagad ang taong ito sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang sinyales na ipinag-aalala mo, tumawag sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat ireport ang mga malalang reaksiyon sa Vaccine Adverse Reporting System (VAERS). Kadalasang ipa-file ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang report na ito, o pwedeng ikaw mismo ang gumawa nito. Bumisita sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa 1-800-822-7967. Ang VAERS ay para lang sa pagre-report ng mga reaksiyon, at hindi nagbibigay ng medikal na pagpapayo ang tauhan ng VAERS.

6. Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang programa ng pederal na itinatag para magbayad sa mga taong napinsala ng partikular na mga bakuna. Ang mga claim ng mga di-umano'y pagkapinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa panahon para sa pag-file, na maaaring kasing-ikli lang ng dalawang taon. Bisitahin ang website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation o tawagan ang 1-800-338-2382 para alamin pa ang tungkol sa programa at tungkol sa pag-file ng claim.

7. Paano ako makakuha ng higit pang impormasyon?

- Magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tawagan ang iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga vaccine package insert at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tawagan ang 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

